



# Internasyonal na Pahayagan ng mga Ina nang Panalangin

Ministryo ng mga Kababaihan ng United Pentecostal Church Internasyonal

Setyembre 2014

## Internasyonal na mga Ina nang Panalangin

**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang "Mothers of Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa panalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25).
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38).

## Oh, upang ako ay maging katulad ng maliit na bata!

ni Kathy Streeter



Sinabi ni Hesus "...Pabayaang ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: Marcos 10:14-15. Sa Mateo 18:1-3, Nang oras na yaon ay nagsilapit ang mga alagad kay Jesus, na nangagsasabi, Sino nga baga ang pinakadakila sa kaharian ng langit? At pinalapit niya sa kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila, At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anumang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

And mga bersikulong ito ay nagpapatunay lamang na ang mga bata ay mahalaga sa ating Panginoon. Bakit nga kaya? Ano nga ba ang mayroon sa mga bata? Marahil ay sa mga katangiang mayron sila- inosente, nagtitiwala, simpleng pananampalataya, masayahin, mapagmahal, mabilis magpatawad..

Sa mga nagdaang taon, marami nang mga bata ang tumira sa amin at marami sa kanila ay napakamusmos pa lamang noon sa edad na 2-8 na taon. Naalala ko mayroong dalawang bata ang dinala sa aming bahay. Ang isa ay 2 taong batang babae at ang isa ay 6 na taong lalaki. Ang kanilang kasuotan ay masyadong malaki para sa kanilang edad at sila ay wala ring sapatos. Napakarumi nila noon at ang damit nila ay halos inaamag na. Ang mga ngipin ng batang lalaki ay sira sira na at nagdurugo tuwing gabi, kaya lima sa ngipin niya ang nabunot. Nakatira sila noon sa pinakapangit na parte ng baryo. Ang harapan ng kanilang bahay ay parang basurahan, ngunit sinadya pla iyon upang wag magduda ang mga tao na ito ay tindahan ng droga. Ang kanilang ina ay lumpo dahil sa sakit sa buto. Isang araw sinundo ko ang kanilang ina dahil may "check up" sa doctor ang mga bata at nagulat ako dahil napakasaya ng mga bata noong nakita siya at nakasama. Mahal na mahal nila ang kanilang ina kahit na hindi maganda ang kanilang bahay, kahit konti ang pagkain, kahit na maraming mga tao ang pumupunta sa kanila araw at gabi para bumili ng droga at kahit na hindi sila naaalagaang mabuti, mahal na mahal nila ang kanilang magulang.

Kahit na karamihan sa mga “foster children” ay abandonado, naabuso at napabayaan, sila ay marunong pa ding magmahal kahit na anu pa man ang kanilang naranasan sa buhay.. At naniniwala ako na ito ang sinasabi ni Hesus na “, Malibang kayo’y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anumang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.”. Ang pagkakamali ay dumarating ngunit dapat tayong magpatawad. Ang buhay minsan ay hindi patas ngunit dapat tayong mamuhay na may pag-asa. Dapat tayo ay magmahal kagaya ni Hesus .... Noong siya ay naakusahan ng di dapat, nabugbog, at nasugatan. Tayo ay nararapat lamang na magpatawad at magmahal nang ganap na katulad ng isang maliit na bata.!

Tala: Si Kathy at ang kanyang asawa na si Rick ay pastor sa New Life UPC in Marshalltown, IA. Siya ay ang Presidente ng Iowa District Ladies Ministries. Nagtatarabaho siya sa isang elementary school bilang paraprofessional at mayroon siyang dalawang anak, Tristen ay edad 13 at si Chase na edad 12.

## Turuan mo ang bata

### ni Elizabeth Turner



Noong kami ay ikinasal, hindi naming alam mag-asawa kung papaano magpalaki ng mga mabubuting bata sa mundong ito na puno ng kasamaan at kaya naman pinagpraktisan naming ang aming aso !

Napagdesisyunan namin na kahit sino sa amin ang magsabi sa aso ng “no”. dapat masunod kami hindi yung aso. Kami dapat ay patas sa kanya at matatag. Dapat may parusa pag hindi siya sumunod Napakasaya ng aming buhay kasama ng asong ito.

Hindi tumagal, pagkatapos namin turuan ang aso, pumunta kaming mag-asawa sa sambahan at doon naming natutunan na nasa biblia pala kung papaano turuan ang mga batang maging mabuting tao. At noong kami ay pinagpala ng Dios na bigyan ng isang anak na babae, at lalaki, kung papaano naming tinuruan at inalagaan ang aso, ay nakatulong din pagdating sa pag-aalaga ng aming mga anak.

Bilang mga bagong mga magulang, nakatulong din sa amin ang mga sinabi ni sister Faith White ( asawa ni dating bro. Doyle Spears ). Tinuruan niya kami na dapat malaman ng mga bata kung ano ang ayaw namin, kung ano ang parusa sa mga hindi masunuring bata, na kung sila ay hindi susunod dapat pag sinabi namin na ganito ang parusa ay dapat namin gawin.

Sabi din niya , pagkatapos na “parusahan” ang mga bata ,dapat ay turuang manalangin, sabihin sa Diyos ang kanilang pagkakamali at humingi ng tawad. At pagkatapos ay dapat yakapin ang mga bata at sabihin sa kanila na mahal na mahal mo sila. Para sa amin , isa itong magandang paraan upang lumaki sila ng maayos at matuwid.

Isa pang magandang naituro sa amin ni sis White ay pagtulog na ang kanyang mga anak siya babalik sa kanilang pintuan at tahimik na mananalangin para sa kanyang mga anak. Sa aming mga anak naman ay sama sama kaming nanalangin at pagkatapos ay ipapaalala sa kanila ni “ Bro. Turner” na ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon:

At ako naman , pag tulog na sila , babalik din ako sa kwarto nila at tahimik na pinapanalangin sila ng ganito:

“Salamat Hesus kay Rebecca, Palagi nyo po siyang ingatan, at iligtas patungong langit. Kahit na anong mangyari, iligtas nyo po siya patungong langit. Bigyan nyo po kami ng kaalaman para palakihin siya na nanaisin niyang maglingkod sa inyo. Ikaw ay taus-pusong niyang paglilingkuran ng buong buhay nya. Bigyan nyo po siya ng talentong magagamit para sayo at gumawa ka ng paraan na magamit niya ang mga talentong ito para sa kaluwalhatian mo.

Kasusuklaman nya ang kasalanan, ngunit mayroong pagmamalasakit sa mga makasalanan. Hayaan nyo pong makita niya ang kasamaan ng mundong ito ngunit sya ay hindi sya sasang-ayon sa gawa nito. Tulungan nyo pong pahalagahan nya kyo, ang iyong mga salita, ang iyong Ispiritu, ang katotohanan. ang iyong mga tao at ang mga kapatiran.

Panalangin ko din po na ang bigyan nyo po siya ng mapapangasawa na kasama niyang malilingkod sa inyo , ipaalala nyo po sa kanila na sila lamang ang para sa isa't isa at wala ng iba. Bigyan mo po sila ng pagtitiis na maghintay sa iyong takdang panahon para sa kanila

Panalangin ko na ang kanilang magiging mga anak ay maging pagpapala sa kanila, hayaan mo na kaming buong pamilya ay sama samang magsisilbi sayo, at pati din ang kanilang magiging pamilya. Tawagin mo din po sila para maglingkod sa inyo. Na sila ay taos pusong maglilingkod sa inyo sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Ito ang panalangin ko sayong dakilang Pangalan Hesus! Amen!

Tala: Si Elizabeth Turner ay asawa ni missionary William Turner at siya ay tumulong sa pagpapalaki ng kanilang dalawang anak na sila Rebecca, na isa ring AIM missionary sa Turkey at ngayon ay miyembro sa UPC church Columbus, Georgia, at si Nathanael, na ating UPCI missionary sa Estonia.

## Ang pinakamahalagang leksyon

### ni Debbie Velie

Naalala ko noon noong ako ay nakaluhod sa upuan sa aming sambahan sa Knoxville, Iowa at mataimtim na nanalangin sa Panginoon na bigyan ako ng anak. Kaming mag-asawa ay gustong mag-ampon- basta lang magkaroon ako ng anak. Noong magkasintahan pa lang kami ni tom, napag-usapan na namin na kami ay mag-aampon at yun ang palaging laman ng puso ko

Nagtanong ako sa aking katrabaho kung may kakilala siya na nakapag-ampon na. At mayron siyang binigay sa aming kaibigan na nakapag-ampon mula sa ibang bansa. Sila ay nakapagkita sa amin at noong nakita ko ang kanilang magandang anak mula sa india alam ko na ang pag-ampon mula sa ibang bansa ay para din sa amin.

Nakahanap kami ng ahensya at inaral naming mabuti ang mga papeles kung paano ang mag-ampon. At pagkatapos kami ay "NAGHINTAY" habang nanalangin. Pinili namin na ang bata ay mula sa bansang korea sinabihan kami na maghintay ng anim na buwan. Napakatagal ng anim na buwan!

Pagkatapos ng ilang buwan na pahihintay, parang ayoko nang maghintay, pinili kong magtarabaho sa bahay ng dalawang araw. At nang araw ding iyon ay nakatanggap ako ng tawag mula sa ahensya na mayrong daw batang babae para sa amin. Hindi na ako makapaghintay na dumating na ang biyernes para pumunta sa ahensya sa Des Moines para pirmahan ang papeles at makita ang itsura ng bata- wala pa noong laptops, scanning at cellphones.

Ilang linggo pa kami ay nasa airport na sa Minneapolis airport, halos hindi ako mapakali habang hinihintay ko ang "Northwest flight" na siyang may dala ng bata. Hindi ko makakalimutan ang araw na iyon. Noong kinarga ko na si "cori" ang aking magandang anak, hindi ko mapigilang umiyak at paulit ulit kong sinasabi na "anak ko, anak ko". At naisip ko ang bersikolong ito "Dahil sa batang ito ako nanalangin; at ipinagkaloob sa akin ng Panginoon ang aking hiling na aking hiningi sa kaniya"(I Samuel 1:27).

Pakatapos ng tatlong taon, muli kami ay bumalik sa airport ding iyon habang hinihintay ang aming pangalawang anak na si Shaina mula sa korea. Tunay na nakabuti ng Diyos.

Habang sila ay lumalaki, araw araw pinapanalangin ko na bigyan sila ng Panginoon ng mapapanagsawa na matapat na maglilingkod sa Diyos at sa kanila. "At lahat ng mga bagay na inyong hihingin sa panalangin, na may pananampalataya, ay inyong tatanggapin." (Mateo 21:22). Sa ngayon ang mga batang ito ay parehas ng may asawa, at ang pagpapala ng Diyos ay patuloy pa ring dumarating sa amin. Mayroon na din kaming apat na magagandang mga apo.

Hindi man lang sumagi sa isip ko na kasama sa aming ministeryo ang makapag-ampon. Salamat sa mga nagsilang nilang ina at sa mga umaasam din na makapag-ampon. –alam ko ang pakiramdam.

Patuloy kong ipapanalangin ang aking mga "anak". Palagi nating ipanalangin ang ating mga anak araw araw.

Tala : si Debbie Velie ay nakatra sa Tupelo, MS. Sya ay lisensyadong social worker at Domestic Program Directok ng New Beginnings (for 25 years). Asawa ni Tom, Ina ng dalawang magagandang mga anak at "Mommo " ng kanyang apat na apo.f

## Mula sa Editor



Debbie Akers

### Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng makapangyarihang bagay!

Palagi na lamang aking layunin at pananaw, simula noong ako ay unang naatasan na simulan ang pahayagang ito na ito ay mabasa sa iba't ibang wika. Napakabuti ng Diyos sapagkat nababasa na ito mula sa English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, at Hungarian at tagalog. Maraming salamat kila Sisters Dianna Tuttle at Jerolyn Kelley at sa lahat ng mga nagsasalang wika kada buwan! Pati na rin kay Reverend Don Hanscom na nagsasalang wika ito sa Urdu, Hindi, Thai, Tamil, Sinhalese and Laotian! Mula sa direksiyon ni Sister Gwyn Oakes, "UPCI Ladies Ministries President", para maisakatuparan ang ating misyon sa pagpapanalangin sa ating mga anak sa buong mundo, at sa pagsulong, tayo ay makikilala bilang Internasyonal na mga Ina ng Panalangin. Kami ay nagagalak at nananalangin na patuloy na pagpalain ng ating Diyos ang ministryong ito – ni Debbie Akers," UPCI, Mothers of Prayer Intl, Coordinator and Editor"

Pwede po kayong magpadala ng inyong mga patutuo o magandang balita. o ideya para sa ikakalago ng ministryong ito. Ipadala lamang sa [MothersOfPrayerIntl@aol.com](mailto:MothersOfPrayerIntl@aol.com) or [debiakers@aol.com](mailto:debiakers@aol.com)

## "Praise Reports"

Noong hinatid ko sa paaralan ang aking mga anak, ako ay nanalangin na ingatan sila ng Diyos at nawa ay maging matagumpay ang pag-aaral nila sa buong taon. At sana maging pagpapala din sila sa kanilang mga kaklase. Nung high school na ang anak kong lalaki, siya ay nagsimula ng isang grupo na kung saan ipinagbabawal nila ang pagmumura. Nakkatuwa naman dahil pati mga kaklase niya ay nanalangin na din bago maglaro ng basketbol at kapag sila ay napapamura sila ay humihingi ng patawad. Naalala ko sabi ng aking ama – "kapag ang mga tao ay hayag gumawa ng mali, maging hayag ka ding itama sila. -Jana Allard

## Mula sa Mailbox

Salamat sister Debbie Akers, bawat paksa ay pagpapala, kalakasan at dagdag kaalaman sa akin habang ako ay lumalago sa Panginoon., God bless the Ladies Ministries! -Shiela T

## "31 Biblical Virtues to Pray for Your Children (16-18)"

16. "Peace-Loving "-- Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa." (Roma. 14:19)
17. "Joy" -na may katuwaan sa Espiritu Santo;" (1 Thess.1:6)
18. "Perseverance "-- "Kaya't yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang baw't pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, at ating takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin," (Heb.12:1)

Submitted by Gwyn Oakes. Copyright Bob Hostetler (www.bobhostetler.com). Used with the permission of the author.

## Ministry Links

[Pentecostal Publishing House](#)  
[Mothers of Prayer Intl](#)  
[UPCI Ladies Ministries](#)  
[Reflections](#)  
[Today's Christian Girl](#)  
[More to Life Bible Studies](#)  
[World Network of Prayer](#)  
[UPCI](#)  
[My Hope Radio](#)  
[Multicultural Ministries](#)

## Mothers Memorial



Scan QR code for information on Mothers Memorial



**The Girl in the Dress..... \$10.00**

PPH Stock #: 22690 Lori Wagner

How exciting! Finally, a book written just for girls - a book about the importance and beauty of holiness. The Girl in the Dress helps us to realize why it is important to take a stand in today's world on modesty and purity. The authors take an excellent approach concerning the way the Bible teaches us to walk, talk, and dress.

Call Jane @ UPCI Ladies Ministries 314-837-7304 X 412 to place your order!!